



Department of Agriculture
Regional Field Office 3
City of San Fernando, Pampanga



High Value Crops
Development
Program



Ang polyetong ito ay inilathala ng Department of Agriculture, Regional Field Office-III sa ilalim ng High Value Crops Development Program (HVCDP)

Inihanda ng HVCDP, RFO-3 sa pakikipagtulungan ng Agricultural Information Section, Regional Office.



Pag-aalaga ng
MANGGA

Pag-aalaga ng mangga

Ang mangga o mango (*Mangifera indica*) ay isa sa mga bungang kahoy na maipagmamalaki ng Pilipinas sa buong mundo. Ang mangga ay iniluluwas na sa iba't ibang bansa dahil hinahanap ang lasa at tamis nito.

Maraming magsasaka ang interesadong magtanim ng punong-kahoy na ito. Binibigyang halaga ito sa programa ng DA sa ilalim ng High Value crops Development program dahil sa potensiyal nito sa pamilihang panlabas.

Taniman, lupa at klima

Kailangan ng mangga ang lupa na may sapat na lalim upang may pagkalatan ang malalagong ugat nito. Ang rekomendadong agwat ng pagtanim ng mangga ay mula 12 hanggang 15 metro bawat puno. Kung maluwang naman ang manggahang iniisip, kailangan ng mangga ang medyo patag na lugar upang madali ang mga operasyon na ginagawa sa pag-aalaga nito, kabilang ang pagbobomba ng mga kemikal hanggang sa pamimitas.

Kailangan sa mangga ang 6 na buwan na tag-araw at 6 na buwan na tag-ulan. Mas maganda kung mas mahaba ang tag-araw gaya sa Cebu at Iloilo kung saan mahigit pa sa 6 na buwan ang tag-araw.

Ipasuri ang lupa bago magtanim upang malaman ang uri at dami ng abonong kailangan. Ang pH ay mula 6 hanggang 8.

Angkop ang klima sa kanlurang bahagi ng

dagat, mas mabilis itong gumulang.

Ang pag-aani sa mangga ay pinipitas ito ng isa-isa. Ngunit kung marami ang aanihin, matagal ito. Ang mga mamimitas ng mangga ay gumagamit na ngayon ng mahabang sungkit na may salong lambat upang di mahulog ang bunga.

Mamitas mula ika-9 ng umaga hanggang ika-3 ng hapon kung kailan hindi makatas ang bunga kapag pinitas. Ipatong ang mga pinitas na bunga sa lumang diyaryo ng una ang pinakailalim upang di kumalat ang dagta sa bunga. Maaring hugasan ang mangga sa 1% acetic solusyon sa loob ng 2 minuto.

Ilubog ang aning mangga sa isang 0.1% brine solusyon. Ang lahat ng lulubog ay sapat ang pagkagulang. Ang mga lumutang naman ay hindi maganda ang pagkahinog at maaring sa mga processors na lang ibenta.

Uriin ang mga mangga ng ayon sa laki. May extra large (350-400 g.), large, medium at extra small (120 g. pababa) Iimbak sa mga tiklis o plastic crates bago dalhin sa pamilihan.



bungang mangga ngayon, ipinapayo ang pagsusupot upang mahati ang dami ng pestisidyong ilalagay at makikinis pa ang mga bunga.

Mga pesteng kulisap ng mangga

Ilan sa mga pangunahing pesteng kulisap na naninira ng mangga ay ang mango hoppers, cysid flies, mango twig borers at Oriental Fruit fly. Sa karanasan ng mga magmamangga sa kasalukuyan, ang pag-iisprey ng mga pestisidyo ay ginagawa halos isang linggo lang ang pagitan. Ipinapayong gumamit ng mga pestisidyo na green label lamang, Sundin ang tamang sangkap at dami sa mga label ng pestisidyo.

Mga sakit ng Mangga

Ang mga karaniwang sakit ng mangga ay ang anthracnose, scab at Diplodia Stem-end rot. Pinakamalakas manira sa bunga at dahon ang anthracnose. Ang mga sakit na ito ay mula sa fungus o isang uri ng amag. Kapag nahihinog ang bunga, lumalabas ang fungus na ito na sa simula ay kayumanggi hanggang sa nagiging matingkad na kayumanggi habang lumalaki at nagkakahawa-hawa. Kapag tinamaan na ng anthracnose, sumusunod naman dito ang fruit rot o pagkabulok ng bunga. ang pag-hahawa-hawa. Nakaiskedyul din ang paggamit ng fungicides upang maiwasan ang sakit na ito

Pag-aani, pag-uuri (sorting) at pag-iimbak (storage) ng mangga

Karaniwang inaani ang mangga habang ito ay maniba pa lang o kulay berde pa ang balat. Ito ay mga 115 hanggang 120 araw pagkaraan ng flower induction. Ngunit sa mga manggahan na malapit sa

Luzon, gaya sa Ilocos, Gitnang Luzon maliban sa Aurora, Western Visayas at Western Mindanao. Hindi naman angkop ang mangga sa mga lugar na Type 4 kung saan may ulan sa buong taon.

Barayti

Ang mangga ay namumunga ng minsan sa dalawang taon o biennial. Ngunit sa makabagong teknolohiya, napapamunga ito taon-taon na sa malaon ay nakasisira sa mangga. Ang mga barayti ng mangga na itinatanim sa Pilipinas ay:

Kinalabaw (Carabao Mango) Tinatawag din itong Manila Super Mango. Ito ang pinakamaganda at hinahanap sa pamilihian, maging lokal man o sa ibang bansa. Sa mga strains ng kinalabaw na mangga, angat ang Sweet Elena, na pinakamatamis na mangga sa buong mundo ayon sa Guinness Book of World Records.

Pico at Katchamita –mangilan-ngilan lang ang natataniman ng mga barayting ito dahil mura ang halaga sa pamilihan at karaniwang pambahay lang.

Exotic barayti – May mga ilang barayti na mangga na imported mula sa ibang bansa, gaya ng Choconan, Golden Queen, Malaysian Millennium atbp. Malalaki ang mga bunga nito at hindi namamanahon.

Mga Paraan sa pagpaparami ng mangga

May dalawang paraan sa pagpapadami ng mangga. Ito ay ang sexual propagation na ang punla ay mula sa buto. Sa asexual propagation naman, gumagamit ng dugtong upang mapabilis ang pagbunga ng mangga kaysa mula sa buto ang tanim.

Bagaman at maganda na may kaalaman sa pagdudugtong ng mangga, ipinapayo na bumili na lang ng mga nadugtungan nang mga punla sa mga accredited nurseries ng Department of Agriculture

(BPI) upang makatiyak ng kalidad.

May mga pagkakataon na namumunga na ang mangga at saka malalaman na iba pala ito sa barayti na nais na paramihin. May paraan pa upang maitama ito. Maaring mag-cleft grafting sa mga namumunga nang mga puno. Sa teknolohiyang ito, makapamimili ang mga magsasaka ng barayti ng mangga na nais idugtong sa mga malalaking puno.

Pag-aabono sa Manggahan

Ang sapat at tamang uri ng abono ay makatutulong upang maging malusog at malakas umani ang mga mangga. Ito ay maaaring organiko o komersiyal o pinagsama ang dalawang uri na ito.

Kung maglalagay ng abono, humukay ng apat nabutas sa paligid ng 2-4 na taong mangga. Lagyan ang butas sa layong 15-30 cm. ng 250 gramong Urea o kalahating kilo ng 21-0-0. Takpan ang butas pagkalagay ng abono.

Sa mga namumunga nang mangga, humukay ng 10 hanggang 12 butas sa paligid ng puno sa layong 15-30 cm. mula sa puno. Lagyan ng 2 kilong Triple 14 bawat butas. Gawin ang pag-aabono sa simula at wakas ng panahon ng tag-ulan.

Pag-gamit ng plant regulator

Bago magpabulaklak ng mangga, gumamit ng plant regulator na Paclobutrazol kapag nagdahon na o namutat ang mga puno. Maghalo ng 5 kutsarang Paclobutrazol sa 2 litrong tubig at idilig sa lupa paikot sa mangga. Sa paggamit nito, maipaplano ang oras ng pagbombang ng kemikal na pampabulaklak. Nagiging malalaki at malusog ang mga bulaklak at bunga ng mangga sa paggamit nito.

Pag-gamit ng kemikal na pampabulaklak (flower induction)

Dati ay sinusuob ang mga punong mangga upang ito ay mamulaklak. Ngunit dahil sa ipinagbabawal na ang pagsisiga ngayon, natuklasan na ang paggamit ng potassium nitrate o calcium nitrate. Napatunayan na higit na epektibo ang pagpapabulaklak sa paggamit ng mga kemikal na ito kaysa pagsusuob. Ginagawa ang pag-isprey minsan lang sa tag-araw o bago mag-uulan. Maghalo ng 10 hanggang 20 gramong potassium nitrate at isang litrong tubig. Ibomba ang solusyon sa mga magulang at may malutong na mga dahon. Tiyakin na mababasa ng solusyon ang buong puno ng mangga kasama na ang mga dahon at sanga. Ang pag-isprey ay karaniwang ginagawa sa buwan ng Septiyembre kung palusot at Oktubre hanggang Disyembre naman kung regular.

Pruning

Pagkaani ng mangga, kailangang bawasan ang mga sangang hindi kailangan at hindi namumulaklak. Ginagawa ang pruning upang maalis ang mga maysakit na sanga at mapasok ng sikat ng araw ang taniman upang makakaiwas sa mga peste at sakit.

Bagging

Kapag ang bunga ng mangga ay singlaki na ng itlog, o mga 45 hanggang 55 araw makapamulaklak, ipinapayo na balutan ang mga bunga ng supot na yari sa mga lumang diyaryo o mas matibay na papel na hindi masisira sa malakas na hangin at ulan. Ang balot na papel ay dapat may sapat na laki upang kumasya ang mga bunga kapag malalaki na. Isara ang pinakaibaba ng supot. Sa dami ng mga insektong naninira sa mga